

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone
Tomo1 Blg.1 Science City of Muñoz, Nueva Ecija Hunyo 2013

N. Ecija, umiitim sa kalabaw, pumuputi sa dami ng gatas

Ni Anselmo S. Roque

Kilala ang Nueva Ecija sa mahabang panahon bilang “bangan ng bansa” dahil sa dami ng palay na inaani mula sa malawak nitong lupang sakahin. Walang iba pang probinsya ang tumatalo sa dami ng inaaning palay ng lalawigan ito.

Nguni’t ngayoy lumulutang na rin ang Nueva Ecija dahil sa dami ng pinagbunting lahi ng kalabaw, mga purong lahing kalabaw, at gatas na nakokolekta.

“Umiitim na nga sa dami ng kalabaw at pumuputi na sa dami ng gatas ng kalabaw ang Nueva Ecija,” sabi ng isang tagamasid.

Ang kanyang tinukoy ay may kinalaman sa mga *purebred* at *crossbred* na kalabaw na maitim ang kulay at lubhang marami na rin namang naaaning gatas sa lalawigan.

Sadyang tinukoy ng Philippine Carabao Center (PCC) ang Nueva Ecija bilang “National Impact Zone” (NIZ) sa programang ukol sa *carabao dairying*.

Ang ibig sabihin nito’y piniling maging huwaran ang Nueva Ecija sa larangang ito para siyang mapamarisan ng iba pang lalawigan sa bansa.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa mahigit na 13,700 *purebred* at *crossbred* na mga kalabaw ang nasa kamay ng mga magsasaka sa Nueva Ecija. Sa bilang na ito, mahigit na 7,700 ang mga babae at marami na sa kanila ang ginagatasan.

“Mayroon po tayo ngayong 54 na *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija,” sabi ni Dr. Peregrino Duran, *team leader* ng Dairy Herd Improvement and Enterprise Development at National Impact Zone (DHI-ED-NIZ).

(Sundan sa p.7)



Mga gatasang kalabaw na ipinamahagi ng PCC, sa ilalim ng mahigpit na kasunduan, sa mga kwalipikadong magsasaka ng Nueva Ecija.

‘Dairy Herd Improvement Program’, malaking tulong sa mga magsasaka ng National Impact Zone

Ni Khrizie Evert Marcelo-Padre

Ganap na maiangat ang antas ng kaalaman ng mga magsasaka-katiwala sa tamang pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at patuloy na mapaunlad ang kapakinabangang nagmumula dito.

Ito ang pangunahing layunin sa paglulunsad ng programa ukol sa patuloy na pagpapaunlad ng mga gatasang kalabaw sa Nueva Ecija na itinalaga bilang National Impact Zone (NIZ). Ang layuning ito’y maliwanag na nakasaad sa Dairy Herd Improvement Program (DHIP) sa Nueva Ecija.

Target na lubos na makinabang sa programa ay mga magsasaka-katiwala ng NIZ.

Sa kasalukuyan, ang NIZ ay mayroon nang 54 na *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija. Humigit-kumulang naman sa 1, 200 na magsasaka-katiwala

ang mga miyembro ng kooperatiba na nangangalaga sa 3,025 na gatasang kalabaw at 2,239 sa mga ito ay mga palahian na.

Mula noong December 2012, ayon sa talaan ng NIZ Program *coordinating team*, mataas ang naging bilang ng mga hindi nabubuntis na kalabaw sa Nueva Ecija. Ito ang tinukoy na dahilan sa pagbaba ng produksyon ng gatas. Dahil dito nalilimitahan ang pagkakaroon ng magandang lahi at mas tumatagal ang pagitan ng pagkakaroon ng anak ng mga kalabaw.

Sa pamamagitan ng DHIP, inaasahan ng Philippine Carabao Center (PCC) na mapag-ibayo ang pagpaparami ng mga kalabaw na may de-kalidad na lahi gamit ang mga makabagong teknolohiya.

Upang matugunan ang pangangailangang ito, patuloy na

pinauunlad ang sistema ng pag-aalaga ng mga kalabaw.

Pangunahing hakbangin para maparami ang mga gatasang kalabaw ay ang malawakang pagsasagawa ng Artificial Insemination (AI) at paggamit ng mga teknolohiyang may kinalaman sa pagpapalahi, ayon sa isinasaad ng programa.

Sa tulong ng mga gawaing ito, maiaangat mula sa 27% hanggang sa 35% ang *breeding efficiency* sa NIZ.

Patuloy din ang pagsasakatuparan ng programa para sa pagpapaunlad ng hene ng mga kalabaw upang makatulong sa magandang produksyon ng gatas sa buong NIZ.

Isa sa mga magiging hakbangin nito ay ang pagpapabuti ng mga gawain tulad ng maiging pagtutok sa tamang

(Sundan sa p.7)

Sa loob...

Sa sipag at tiyaga sa pag-aalaga ng kalabaw, ginhaw’y mararating... p.3

Napapanahong impormasyon sa NIZ... p.4

Paggatas ng kalabaw, pagbebenta ng gatas dapat na masusing pinag-aaralan... p.5

Mga mabubuting gawain sa koleksyon ng gatas ng kalabaw... p.5

Liverfluke: mapanganib na parasito ng kalabaw; pag-iwas isinaad... p.6



Isang bukas na liham mula sa Executive Director ng PCC

Mga mahal naming dairy carabao farmers:

Isang maalab na pagbati sa inyong lahat.

Minarapat po namin na maglabas ng munting pahayagan, ito ngang "NIZ Balitaan" na nagpupugay sa lahat ngayon.

Ang pahayagan pong ito'y isang "balitaan". Ibig sabih'y magbabalita kami sa inyo at kayo rin nama'y magbabalita sa amin, kayo na siyang mga aktor ng ating mga pagsusumikap na mapaunlad pa ang mga gawain natin sa pag-aalaga, pangangasiwa at pagpaparami pa ng mga gatasang kalabaw dito sa ating lalawigan at pagpapasigla ng industriya ng paggagatasan.

Hindi po maikakaila na tayo, bilang "impact zone", ay masusing tinitingnan ng ating kapwa magsasaka sa iba't-ibang lalawigan sa bansa. Tayo po ay modelo nila. Kaya mahalaga na mapag-igi pa natin ang ating mga pagsisikap at ikatutuwa natin na tayo nga'y maging huwaran nila para tayong lahat ay sama-samang magtagumpay.

Sa pamamagitan ng munting pahayagang ito, na ilalabas natin minsan isang buwan, ay magbabalita sa inyo ang mga eksperto na may kinalaman sa wastong pag-aalaga ng kalabaw at yaong may kinalaman naman sa pagnenegosyong salig sa kalabaw lalo na ang *dairying* at maging ng *products development*.

Inaanyahan namin kayo na makipagbalitaan nga sa amin. Ibig naming malaman, at gayundin ng ating mga kababayan, kung ano po bang mga matatagumpay na pamamaraan ang inyong isinasagawa. Natitiyak naming may kanya-kanya kayong galing sa pagpapabuti ng mga pamamaraang ibinahagi sa inyo ng PCC. Ibig din naming malaman ang inyong opinyon at ang inyong mga suhestiyon nang sa gayo'y lalo naming mapagbuti ang mga serbisyong inilalaan sa inyo.

Nawa'y patuloy tayong patnubayan ng Poong Maykapal sa ating mga gawain, adhikain, pagsusumikap, pangarapin, at hinahangad nating kaunlaran sa buhay sa larangan ng *carabao dairying*.

Lubos na gumagalang,


LIBERTADO C. CRUZ

Mula sa tanggapan ng PCC Dairy Herd Improvement and Enterprise Development at National Impact Zone

Sinulat ni Dr. Peregrino G. Duran
Team Leader ng DHI-ED



Enero ng taong ito, inilunsad ng Philippine Carabao Center (PCC) ang programa na Dairy Herd Improvement and Enterprise Development (DHI) sa National Impact Zone (NIZ) upang lalo pang paigtingin at mapabuti ang serbisyong ipinagkakaloob ng PCC sa ating mga magsasaka.

Gamit ang mga panibagong teknolohiya, layunin ng programang ito na mapabilis ang pagpaparami ng mga kalabaw na may superyor na lahi at patuloy na itaguyod ang pagtatatag ng mga kapaki-pakinabang at kumikitang kabuhayang salig-sa-kalabaw.

Upang maipatupad ang adhikaing ito, puspulang nagsasagawa ng iba't-bang hakbangin ang DHI team upang paunlarin ang sistema ng pag-aalaga ng kalabaw.

Isa na rito ang pagpapabuti sa *breeding system* sa pamamagitan ng malawakang pagsasagawa ng AI at paggamit ng teknolohiyang may kinalaman sa pagpapalahi.

Sa huling tala noong Mayo, nasa 2,371 serbisyong AI na ang naisagawa sa buong NIZ. Ang pagbibigay ng serbisyong AI ay isinasagawa ng masisipag na mga VBAITs sa Nueva Ecija.

Atin ding binibigyang pansin ang pagpapaunlad sa hene ng mga kalabaw na nagdurulot ng magandang produksyon ng gatas sa pamamagitan ng pagtutok sa pagpapalahi at pagpaparami, kalusugan, at nutrisyon ng inahing kalabaw.

Nasa 220,421 litro na ng gatas ang ating nakokolekta mula sa 54 na *dairy cooperatives* sa NIZ batay sa mga tala mula Enero hanggang nitong nakaraang Mayo.

Upang masiguro ang kalusugan ng kalabaw, atin ding pinag-iibayo ang pagsasagawa ng pagpupurga, pagbabakuna, at pagbibigay ng bitamina at iba pang kaukulang serbisyong pangkalusugan sa mga ito.

Samantala, pinupulong at binibigyan ng iba't ibang *technical* at *social* na pagsasanay ang mga kasapi ng kooperatiba upang lalo pang mahasa ang kanilang kakayahan sa pamumuno at madagdagan ang kanilang kaalaman sa tamang pag-aalaga ng kalabaw. Sa pamamagitan nito, inaasahan nating patuloy na mapaunlad pa at mapatatag ang mga kabuhayang salig sa kalabaw sa ating lalawigan.

Ilan lamang ito sa ating pagsisikap upang lalo pang mapaganda at mapaunlad ang Carabao-Based Enterprise sa NIZ.

Asahan pa natin ang ibayo pang serbisyong na ihahandog natin sa pagpayabong pa ng ating mga pagsisikap.

PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN LAMANG SA MGA SUMUSUNOD:

| Pangalan | Katungkulan o Gawain | Cellphone No. |
|--------------------------|---|---------------|
| Dr. Peregrino G. Duran | Team Leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concerns) | 0917-566-3278 |
| Dr. Lester S. Verona | Veterinarian/Field Technician | 0929-865-7893 |
| Dr. Cyril P. Baltazar | (Animal Health/Breeding) | 0917-517-3843 |
| Mr. Mario M. Delizo | Field Technician (Breeding/AI) | 0932-868-3318 |
| Mr. Reyner Tomas | Field Technician (Breeding/Bull Loan) | 0917-863-1144 |
| Ms. Wilma T. Del Rosario | Cooperative Management and | 0922-875-4250 |
| Ms. Marilou A. Santos | Monitoring | 0933-579-2598 |
| Ms. Estella P. Valiente | Participatory Monitoring and Evaluation | 0943-642-7573 |
| Ms. Marilou A. Vallarta | Administrative Staff | 0915-639-3785 |
| Ms. Sonia D. Pol | Data Management | 0915-880-3904 |

Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail: pcc-oed@mozcom.com

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Eric P. Palacpac
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Tagapamahalang patnugot

Chrissalyn L. Marcelo
Layout at Disenyo

Khriez Evert Marcelo-Padre
Almira P. Bentadan
Katulong na Patnugot

Florencio R. Collado
Peregrino G. Duran
Marilou A. Santos
Mga nag-ambag ng artikulo

Almira P. Bentadan
Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Khriez Evert Marcelo-Padre
Anselmo S. Roque
Mga manunulat

Anselmo S. Roque
Kasanguni

Eric P. Palacpac
Hepe, Knowledge Resource Management
Division

Libertado C. Cruz
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

www.pcc.gov.ph



Sa sipag at tiyaga sa pag-aalaga ng kalabaw, ginhawa'y mararating

Ni Florencio R. Collado

Tunay ngang naging mahirap ang pagpapasimula ko sa negosyo ng pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw. Magkaganoon man, nadama ko naman ang unti-unting pagginhawa ng buhay. Sabi ko nga, pairalin lang ang sipag at tiyaga sa gawaing ito, tiyak na may ginhawang mararating.

Mula sa pagbubukid ay lumipat ako sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Nakita ko kasi rito na mas may pag-asang umunlad ang aking buhay kumpara sa pagbubukid.

Aking nabatid na mas malaki ang kita sa pag-aalaga at paggagatas sa kalabaw. Sa paggagatas ng isang kalabaw, maaari kang kumita ng P100,000 sa isang taon kumpara sa pagsasaka na P25,000 lamang sa isang ektarya o maliit pa ang kita. Karaniwang inuutang pa ang ginagamit na panustos sa bukid.

Sa kalabaw, simple lang. Basta maibigay mo lang sa kanya ang lahat ng kailangan. Halos libre nga ang damo na kanyang pangunahing pagkain.

Kaya sa nakikita ko ngayon, maunlad talaga ang paggagatas dito sa Nueva Ecija at walang dahilan para humina ito dahil sa laki ng benepisyong nakukuha mula sa kalabaw. Basta, sipag at tiyaga lamang ang kailangan.

Sa katunayan nga, naging presidente pa ako ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO). Ang pederasyon na ito ay pag-aari ng 928 magsasaka (kabilang ako) at pati na rin ang 26 na aktibong kooperatibang kasapi namin mula sa 54 kooperatibang naitatag sa Nueva Ecija.

Sa kasalukuyan, natutugunan naman namin ang aming layunin na pagbuklurin at paunlarin ang buhay ng mga magsasaka sa pamamagitan ng gawaing paggagatas.

Nito nga lamang nakaraang Marso at Abril ay umabot pa sa mahigit isang milyong piso ang *net surplus* namin. Nakabili pa kami ng motorsiklo at karagdagan pang kolong-kolong para ipanghaktog ng gatas.

Maunlad na rin ang aming pederasyon kumpara noong mga nakaraang sampung taon na nagsisimula pa lang kami. Noon kasi ay magulo ang magsasaka sa pagbebenta ng gatas sa merkado. Nariyan iyong ilang nagpapataasan o nagpapababaan ng presyo at marami pang iba. Pero ngayon iba na, talagang may kooperasyon na sa isa't-isa.

Pero mayroon ding nakalilimot, nakagagawa sila ng mga hakbangin para sa sariling kapakanan. Halimbawa ay nanunulot para kumita, o kaya'y bibili ng gatas ng ibang kasapi natin sa murang halaga at saka ibebenta sa pederasyon ng mataas na halaga.

Bilang presidente, iyon yaong isa sa mga problemang nakita namin na namomonitor din naman agad at nabibigyan ng kaukulang aksiyon. Dapat kasi, bilang kasapi ay lagi nilang sinusupportahan ang pederasyon sapagkat kung hindi ay mamamatay ito at mamamatay din ang aming negosyo at pag-asa.

Isa pa sa mga problemang aking nakita ay yung sa mga bumibili naman ng gatas sa amin. Kung minsan, mayroong mga "buyer" na hindi binibili ang aming mga gatas sa aming takdang presyo kaya halos "break even" lang kami. Kaunti lang ang aming pakinabang sa gatas ng kalabaw.

Pero, sipag at tiyaga lang po ang dapat pairalin sa ngayon, kasi katulad namin, dumating din sa amin ang panahong ito na kinumasyon kami ng National Dairy Authority upang magdala ng produkto sa kanila para sa Milk Feeding Program sa mga piling paaralan. Kaya naman sa ngayon po, mataas na po ang kinikita namin kumpara noon at nakikita rin po namin na mas uunlad pa ang NEFEDCCO sa mga susunod pang panahon.

Di lamang po ang NEFEDCCO ang uunlad. Uunlad din pati na ang iba pang kooperatiba na nasa ganitong linya. Sipag, tiyaga, higit pang pagsusumikap at sakripisyo ang kailangan. Nakita ninyo, nagsimula tayo sa wala, ngunit ngayon, sa awa ng Diyos, tayo'y kumikita at kahit paano'y umuunlad ang buhay.



Kung ano ang ibig sabihin ng NIZ

Ni Almira P. Bentadan

Bagama't mas kilala bilang pangunahing *producer* ng palay ang Nueva Ecija, itinalaga ito bilang National Impact Zone (NIZ) sa ilalim ng programang Carabao-Based Enterprise Development (CBED) ng Philippine Carabao Center (PCC).

Ang "impact zone" ay lugar kung saan nakatuon at aktibong isinasagawa ang lahat ng mga kasanayang kinakailangan para sa isang matagumpay at napananatiling kabuhayang nakasalig sa gatasang kalabaw. Ito ay naglalayong makabuo ng isang makabuluhan at kaaya-ayang pagbabago mula sa isang tradisyunal na komunidad ng pagsasaka sa pagiging ganap na komunidad ng paggagatas na kung saan makakukuha ng dagdag na kita ang magsasaka.

Ayon sa pagsusuring isinagawa ng PCC, taglay ng Nueva Ecija ang mga katangiang naaayon sa nasabing programa na gaya ng mga sumusunod:

- ito ay sagana sa matabang lupain na angkop sa pagtatanim ng iba't-ibang uri ng damo at halamang pagkain ng mga kalabaw.
- sapat na mapagkukunan ng tubig para sa mga pananim at para sa mga kalabaw.
- may maayos na pangunahing lansangan at pampublikong pasilidad.
- likas na hilig ng mga magsasaka o iba pang mga residente sa komunidad na magbuklod-buklod para sa isang makabuluhang layunin.
- kakayahang tumugon ng mga

pamahalaang lokal sa iba't ibang programa lalo pa at dito matatagpuan ang PCC na siyang pangunahing ahensya na nagtataguyod sa pambansang industriya ng gatasang kalabaw, at

•malapit ito sa sentro ng kalakalan, partikular sa Metro Manila.

Bilang sentro ng CBED, aktibong ipinatutupad sa NIZ ang lahat ng mga proyekto ng ahensiya na naglalayong lalong pagbutihin at paunlarin ang mga kabuhayang nakasalig sa paggagatas.

Upang mapabilis ang pag-unlad ng industriya, kasalukuyang ipinatutupad ng PCC ang konsepto ng "incubator modules" kung saan binibigyan ng gatasang kalabaw ang mga magsasaka na miyembro ng mga pangunahing kooperatiba. Kalakip nito ay ang pagkakaloob ng iba't-ibang uri ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng gatasang kalabaw at kaukulang pagsasanay sa mga magsasaka para sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw.

Sa kasalukuyan, mayroon nang 54 na kooperatiba mula sa 17 bayan at tatlong lunsod sa Nueva Ecija na nasa ilalim ng programa. Ang mga kooperatibang ito ang bumubuo sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) na siyang kalipunan ng mga *dairy cooperatives* sa buong probinsya.

Ang NEFEDCCO ang namamahala sa pangongolekta, pagpoproseso, at pagbebenta ng gatas na nanggagaling sa iba't-ibang kooperatiba.

Alam ba ninyo?

Tinipon ni Ma. Cecilia C. Irang



...na ang kauna-unahang *test-tube carabao* sa Pilipinas ay nalikha at naipanganak sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, sa pamamatnubay ng mga siyentista ng PCC? Sila ay pinangalanang si Malakas at Maganda. Si Malakas ay isinilang noong Oktubre 28, 1996 at si Maganda naman ay ipinanganak noong Nobyembre 20, 1996.



...na mayroon nang kalabaw sa bansa noon pa mang unang panahon nguni't sila ay maiilap at mababangis? May ulat na nagsasabi na upang magkaroon ng mapakikinabangang kalabaw sa Pilipinas – bilang pantrabaho sa bukid at iyong mga babae ay mapagkunan ng gatas - ay umangkat ang bansa ng mga kalabaw sa China noon pa mang ika-15 siglo. Ang mga Tagalog at mga Kapampangan ang siyang sinasabing may pinakamaraming kalabaw noon na inaalagaan at pinakikinabangan.



...na may kanya-kanyang tawag ang kalabaw base sa edad, kasarian at pertilidad? Kada bagong silang, ang tawag ay **bulo**, kapag babaing kalabaw na tatlong taon o higit pa, ang tawag ay **dumalaga (heifer)**, kapag babaing kalabaw na may edad na apat o anim na taon at mayroon nang isang bulo, ang tawag ay **nanganay**, kapag babaing kalabaw na maaaring palahian, ang tawag ay **inahin**, kapag babaing kalabaw na may edad na 10 taon o higit pa at hindi pa nanganganak, ang tawag ay **matsora**, kapag lalaking kalabaw na may edad na tatlong taon o higit pa, ang tawag ay **bagong taito** at kapag naman matandang kalabaw na lalaking panlahi ang tawag ay **bulugan**.

Kaya pala!

Bilang pagpapaigting na maiangat ang antas ng kaalaman ng mga magsasaka-katiwala sa National Impact Zone (NIZ) sa tamang pag-aalaga ng kanilang mga gatasang kalabaw at patuloy na mapaunlad ang hindi matatawarang kapakinabangang mula rito, inilalathala ng Philippine Carabao Center ang NIZ Balitaan, isang pahayagang Tagalog na naglalayong makapagbahagi ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pinagbuting sistema ng pag-aalaga ng kalabaw gamit ang mga panibagong teknolohiya. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsubaybay ng mga magsasaka sa bawat isyu ng NIZ Balitaan, nais ng ahensya na lalo pang pagbutihin ang serbisyong ipinagkakaloob sa mga magsasaka at mapaunlad ang industriya ng kalabaw sa Nueva Ecija.

Tanong at Sagot

Tinipon ni Marilou A. Santos

T-Paano po kami makalahok at mabebenipisyuhan ng proyektong gatasang kalabaw ng PCC? Anu-ano po ang aming dapat gawin at ihanda?

S-Dapat sa pamamagitan ng kooperatiba ang paglahok sa programa. Kailangang ihanda at isumite ang mga sumusunod:

- resolusyon na nagsasaad ng inyong intensiyon na makalahok sa proyektong ito;
- kopya ng sertipiko ng rehistrasyon ng inyong samahan at *article and by-laws* ng samahan;
- listahan ng opisyal ng samahan;
- kopya ng inyong ulat pinansyal at;
- listahan ng 25 kasapi na nagnanais na makilahok sa proyekto.

T-Ano po ang susunod na proseso matapos maihanda at maisumite ang mga nabanggit?

S-Matapos matasa ang mga nasabing dokumento, isasagawa ng PCC ang mga sumusunod:

- *Ocular inspection at orientation*. Sa pamamagitan nito, malalaman kung ang inyong lugar ay angkop sa gatasang kalabaw. Magkakaroon rin ng pagkakataong makaharap ang mga kasapi ng kooperatibang nagnanais na makilahok at magkakaroon ng paliwanagan at dayalogo hinggil sa nilalaman at reglamento ng proyektong gatasang kalabaw, at mga panuntunan sa pagpili ng magsasaka-katiwala.
- Pakikipagtalastasan sa lokal na pamahalaan at sa barangay upang makakuha ng impormasyong magagamit kung sakaling mapiling kalahok ang inyong koopetiba.

- Pagsasanay para sa dalawang araw na panlipunang paghahanda upang ihanda ang sarili at ang samahan sa pagtanggap ng nasabing proyekto.
- Pagsasanay rin sa dalawang araw na “Basic Dairy Buffalo Management and Production” upang matutunan ang pag-aalaga, mga sakit, pagpaparami at pangangasiwa ng kalabaw.
- *Field validation/evaluation*. Upang matingnan at masuri ang mga hininging kailanganin. Dapat na matugunan ang mga panuntunan at dapat ding mayroong mapagkukunan ng malinis na tubig, tanim na pagkain ng kalabaw o napier, kulungan, *mortuary* o *guarantee fund*.
- “Modified Paiwi Contract”. Ito’y kontrata ng napiling magsasaka-katiwala na nilagdaang kasama ang ilang piling opisyal ng kooperatiba at kawani ng pamahalaang lokal, o *city/ municipal agricultural officer* o kaya’y *city/municipal cooperative enterprise and development officer*. Ang nasabing lokal na pamahalaan ay magiging katuwang sa pagpapalaganap at pagsusulong ng proyektong gatasang kalabaw.
- *Entrustment*. Ito’y ang paghahatid at pagpapaiwi ng pahiram na gatasang kalabaw sa mga magsasaka-katiwala.

T-Kapag po ba nasa amin na iyong kalabaw tapos na po ba ang lahat?

S-Hindi po. Dapat po ay magpatuloy ang tulongan at talastasan natin sa isa’t-isa upang mas lalong palaganapin ang adhikain ng proyekto. Magkakaroon po ng mga pagsasanay, *farmers’ forum*, *field day*, *field visits*, at *monitoring* upang mas lalong lumalim ang inyong kaalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw at pamamahala ng inyong samahan. May mga kasama rin po tayong mga beterinaryo at teknisyen na makatutulong sa mga gawain nating ito.

Napapanahong impormasyon sa NIZ

Ni Almira P. Bentadan

Hindi pa man nangangalahati ang taon, mayroon nang 667 bulo ang ipinanganak sa Nueva Ecija na resulta ng *artificial insemination* (AI), ayon sa rekord ng PCC sa CLSU.

Ang mga bulong ito ay bunga ng isinagawang *AI service* ng Philippine Carabao Center (PCC), mga lokal na pamahalaan ng Nueva Ecija, at ng *village-based AI technicians* (VBAITs) sa Nueva Ecija noong 2012. Umabot sa 9,219 ang bilang ng kalabaw na naserbisyuhan.

Ang mga bulo ay binubuo ng mga kalabaw na lahing *purebred* at *crossbred*.

Inaasahan ang madaragdagan pa ang bilang na ito

hanggang sa matapos ang 2013.

Ayon kay Dr. Fe Venturina, *AI coordinator* ng PCC sa CLSU na namamahala rin sa *AI program* ng PCC sa National Impact Zone (NIZ), nasa 20% ang *calf efficiency* o *success rate* ng AI sa NIZ.

Ang AI ay isa sa pangunahing programa ng PCC na naglalayong mapabilis ang pagdami ng kalabaw. Hangarin din ng programang ito ang iangat ang lahi ng mga *native* na kalabaw bilang katulong sa trabaho at

mapagkukunan ng gatas at karne sa pamamagitan ng *crossbreeding*.

Isinasagawa ang AI sa mga babaing kalabaw gamit ang semilyang galing sa mga piling bulugang kalabaw. Ang mga *semen donor* na ito ay mga *Murrah buffalo* na kilalang magandang lahi ng gatasang kalabaw.

Ang mga semilya ay galing sa National Bull Farm ng PCC sa Barangay Joson, Carranglan, Nueva Ecija.

Tinatayang nasa dalawang doses at kalahati ang karaniwang aplikasyon ng AI sa isang kalabaw bago ito mabuntis, ayon kay Dr. Venturina.

Upang maiwasan ang *in-breeding*, pinapalitan taun-taon ang mga *semen donors* na itinatalaga sa mga kooperatiba.

Bukod sa *AI technicians* mula sa mga lokal na

pamahalaan ng bawat bayan at lunsod sa Nueva Ecija, katulong ng PCC ang mga VBAITs sa pagsasagawa ng AI sa buong lalawigan. Ang mga VBAITs ay kadalasang mga magsasaka na sinanay ng PCC

sa teknikal na pagsasagawa ng AI upang makapagbigay ng serbisyo sa kani-kanilang lugar.

Mula 2011 hanggang sa kasalukuyan, 30 VBAITs sa Nueva Ecija ang aktibong nagsasagawa ng AI. Sa katunayan, mahigit limampung porsiyento ng *AI services* na isinagawa noong 2012 sa lalawigan ay kontribusyon ng mga VBAITs.

Umaabot sa P500 hanggang P700 ang ibinabayad ng magsasaka sa VBAITs sa bawat kalabaw na nabubuntis. Bukod dito, binibigyan din sila ng P100 bilang *incentive* sa kada bulo na resulta ng kanilang serbisyo.

Ang *incentive* na ito, ani Dr. Venturina, ay binabalak na taasan ng kaunti upang lalo pang mahikayat ang mga teknisyen na magsumite ng kanilang ulat o talaan ng mga ipinanganak na bulo dulot ng AI.

Samantala, isa sa hamong kinakaharap ngayon ng programa ay kung paano lalo pang mapabuti ang serbisyo ng AI sa mga magsasaka. Ayon kay Dr. Venturina, kailangan pang hasain ang kasanayan ng mga *AI technicians* sa pagsasagawa ng AI.

“Kung magaling ang mga *technicians*, aangat din ang *efficiency* nila sa serbisyo. Kapag nangyari ito, tataas ang bilang ng produksyon,” dagdag ni Dr. Venturina.

Sa ngayon, patuloy pa rin ang *AI coaching* o paggabay sa mga VBAIT.



Paggatas ng kalabaw, pagbebenta ng gatas dapat na masusing pinag-aaralan

Ni Chrissalyn L. Marcelo



Ganito ang karaniwang tanawing makikita tuwing umaga sa bakuran ng mga magsasakang may ginagatasang kalabaw.

Hindi dapat na basta na lamang gatasan ang kalabaw at ibenta ang gatas. Dapat na pinag-aaralan ang wastong pamamaraan sa paggagatas ng mga alagang kalabaw.

Ito ang sabi ni Mario "Tata Mar" Delizo, *project development officer* ng Philippine Carabao Center (PCC), isa sa mga nagtuturo ng tamang paraan ng paggagatas sa mga magsasaka. Ginagabayan niya ang mga magsasakang kasapi sa 54 na *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija ukol sa tamang kalinisan sa paggagatas.

Bago maggatas

May apat na bagay na dapat siguraduhin bago gatasan ang mga kalabaw, ani Tata Mar. Ito'y ang mga sumusunod:

1. tiyakin na malinis ang lugar kung saan gagatasan ang kalabaw,
2. tiyaking malinis at tuyo na ang kalabaw bago ipasok sa ipitan,
3. tiyaking malinis ang gagatas at nakasuot siya ng tamang kasuotan bago gumatas, at
4. tiyaking malinis ang lalagyan ng gatas upang hindi makontamina ang gatas.

"Ang pag-spray ng 2% *iodine* o *betadine* sa mga suso ng alagang hayop at pagpupunas nito ng malinis na tela pagkatapos maispray-an ay makatutulong upang makabawas ng mikrobyo," ani Tata Mar.

Mahalaga rin ang pagsusuri ng gatas at dapat na isagawa ang dalawang pagsusuri ng mga magsasaka bago tuluyang gumatas, ayon pa sa kanya.

Ang dalawang pagsusuri na ito ay ang tinatawag na *strip cup test* at *California Mastitis Test (CMT)*.

Strip Cup Test

Ang *strip cup test*, ani Tata Mar, ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsahod ng tabo na may telang itim sa ibabaw upang makita kung maganda ang kalidad ng gatas. Ito ay isinasagawa kasabay ng *fore stripping* o pagpiga ng tatlo hanggang apat na beses bago isahod ang timbang lalagyan ng gatas. Ang gawaing ito ay makababawas ng *bacteria* sa gatas ng kalabaw.

Sa pagsusuring ito, maaaring malaman ng magsasaka kung may *mastitis* (pamamaga sa suso ng kalabaw dahil sa impeksyong dulot ng *bacteria*) ang kanyang kalabaw.

"Kung may napansin ang nagsuri na may kulta-kulta o pamumuo ang gatas, dapat itong isangguni agad sa beterynaryo o *animal technician*," ani Tata Mar.

California Mastitis Test (CMT)

Sa *California Mastitis Test* naman, ani Tata Mar, ay gumagamit ng isang *plastic paddle*, na itinatapat sa bawat utong ng kalabaw upang sahurin ang gatas mula dito. Ang *paddle* ay nilalagyan ng CMT *reagent* na kasing dami ng gatas at aalugin

upang makita kung may pagbabago dito.

"Maaaring ipanghalili ng mga magsasaka ang 100ml na *Joy ultra* at 40ml na tubig sa pagsasagawa ng *testing solution*," sabi pa niya.

Sa kabilang dako, ayon kay Dr. Charito Gutierrez, *laboratory technician II* ng PCC at siyang nagsasagawa ng *milk testing* sa ilang kooperatiba ng Nueva Ecija, sa *somatic cell counter* naman matatantiya kung gaano karaming *somatic cells* o *bacteria* ang mayroon sa gatas ng kalabaw.

Ayon sa kanya, sa laboratoryo, nalalaman sa pamamagitan ng *counter* na ito ang CMT *scores* at kaukulang interpretasyon dito.

"Kapag 0-200,000, negatibo ang gatas sa *mastitis*. Kapag lumagpas ng 200,000 hanggang 1,200,000 ay *subclinical mastitis* at kung higit pa ito sa 1,200,000, seryoso na ang impeksyon," ani Dr. Gutierrez.

Samantala, ayon kay Tata Mar, ang CMT ay isinasagawa minsan sa isang buwan.

Idinagdag niya na kapag negatibo ang kalabaw sa dalawang pagsusuring nabanggit, maaari nang ipagpatuloy ang paggagatas.

Pagkatapos maggatas

Matapos naman ang paggatas, nararapat na ispray-an ulit ng 10% *iodine* ang utong ng kalabaw upang hindi makapasok ang *bacteria* sa loob ng suso nito at maiwasan ang *mastitis*.

Mga mabubuting gawain sa koleksyon ng gatas ng kalabaw

Ni Almira P. Bentadan

Alas sa is pa lang ng umaga, nagsisimula nang dumating ang mga magsasakang kasapi ng Catalanacan Primary Multi-Purpose Cooperative (CAMPCI) sa bahay ni Arturo de Gracia, tagapangulo ng kooperatiba. Dala-dala ang mga bote ng *mineral water* at iba pang sisidlan ng inaning gatas ng kalabaw, hinihintay nila ang kanilang pagkakataon na matimbang ang kanilang dinalang gatas.

Pagsapit ng *alas sa is y media*, lahat ng mga gatas ay natimbang na at handa nang ihatid ito ng nakatokang *delivery man* sa planta ng gatas ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa Talavera, Nueva Ecija. Ang pederasyon ay sadyang binuo ng mga kasaping primaryang kooperatiba para sa pagkolekta, pagproseso at pagbebenta ng mga inaning gatas ng mga magsasakang mula sa ibat-ibang bayan at siyudad ng Nueva Ecija.

Araw-araw, karaniwan na ang ganitong eksena sa CAMPCI sa Catalanacan, Science City of Muñoz at sa 25 iba pang *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija.

Nabuo noong 2002, ang *milk collection system* na ito ay ibinunsod ng mga magsasaka upang maisaayos ang sistema ng pangongolekta at pagbebenta ng gatas sa lalawigan.

Bago magkaroon ng ganitong sistema, madalas na sa palengke agad ibinebenta ng mga magsasaka ang kanilang aning gatas o kaya naman ay sa kani-kanilang lugar. Dahil maliit lamang ang *market*, may pagkakataong hindi nauubos ang mga gatas dahil sa araw-araw na mayroong gatas, may pagkakataong nagsasawa ang mga bumibili.

Nang mabuo ang NEFEDCCO, unti-unti na ring nabuo ang isang *organized milk collection system* na patuloy na umiiral sa mga kooperatiba ngayon. Sa sistemang ito, nagkaroon ng impormal na *collection points* sa bawat kooperatiba kung saan dinadala ng mga miyembro ang kanilang inaning gatas.

Kadalasang ang opisina ng kooperatiba ang ginagawang *collection points* o di kaya ay sa bahay ng kanilang pangulo. Sa ibang grupo naman, ang bahay ng nakatokang *collection officer* ang ginagawang *collection point*.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, naging organisado ang pangongolekta at pagbebenta ng gatas. Lalo pang nasisiyuro ang kalidad nito sapagka't

(Sundan sa p.6)

Liverfluke: mapanganib na parasito ng kalabaw; pag-iiwas isinaad

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Kalamnan ng atay ng kalabaw na tinamaan ng liverfluke.

Umabot na sa 38% ang bilang ng namatay na alagang kalabaw ng iba't-ibang kooperatiba sa National Impact Zone (NIZ) sanhi ng parasito na *liverfluke*, ayon sa pagtatalang isinagawa ng Philippine Carabao Center (PCC) mula Marso 2010 hanggang Enero 2013.

Ayon kay Dr. Cyril P. Baltazar, isang beterinaryo ng PCC, ang *liverfluke* (*Fasciola gigantica*) ang pangunahing parasito ng kalabaw na nagdudulot ng sakit na *fasciolosis*. Mga bulate ito na sumisira kadalasan sa atay ng mga hayop na kalabaw, baka, kambing at tupa. Kadalasan ding nakukuha ang parasito na ito sa mga matutubig na lugar na may suso (*snail*).

Nakaugalian na ng mga magsasaka na isuga ang kanilang mga kalabaw sa lugar na malapit sa tubigan na maraming suso kaya naman, sa dahilang maaaring nagkalat ang *liverfluke* sa nasabing lugar, nakakakain ang mga kalabaw ng damong may *liverfluke*.

May mga ilang kapansin-pansing senyales ang kalabaw na may *liverfluke*. Kabilang sa mga ito'y pangangayayat, paninilaw ng mga mata, pagtatae, panghihina dahil nauubusan ng tubig ang katawan, nawawala sa kundisyon at hindi makakain.

Para sa pangunahing lunas ng parasito ng *liverfluke* sa mga alagang kalabaw, sinabi ni Dr. Baltazar: kailangang punan ang nawawalang *fluid* o tubig sa katawan ng kalabaw. Bumili ng *dextrose powder* at ihalo sa inumin nito, kung walang *dextrose powder*, maglagay ng asin at asukal sa tubig para mapunan muli ang *fluid* na nawala sa

katawan ng kalabaw at bigyan ng mga bitamina tulad ng *B Complex* at *A, D, E* para manumbalik ang kanilang lakas.

Makatutulong din ang ugaling *cut-and-carry system* o paggapas ng damo at pagdala nito sa mga alagang kalabaw at hindi pagsusuga para maiwasan na makakain ng damong may *Fasciola*.

Kailangan rin na ibilad muna ang pinutol na damo ng di bababa sa walong oras para makasigurong mamatay ang parasito na maaaring kumapit sa damo.

“Kapag may sakit ang kalabaw, mababa ang produksiyon ng gatas nito, apektado ang kita sa gatas. Hindi rin maibebenta ang payat na kalabaw. Pwede ring maapektuhan ‘yung panganganak ng kalabaw dahil bumababa ang kundisyon ng katawan niya,” ani Dr. Baltazar.

Mas mabuti na kapag may napapansin nang senyales ng *fasciolosis* sa kalabaw ay kumonsulta o tumawag na ng beterinaryo o *agricultural technician*, dagdag pa niya.

Ayon naman kay Dr. Nancy S. Abes, *Animal Health coordinator* ng PCC, kadalasan na ding nangyayari na ang mga magsasaka ay kumukuha na lang ng damo kung saan may pwedeng pagkuhanan. Kung hindi maiiwasan ang ganitong kaugalian, dapat anya na tuwing ikatlong buwan ay purgahin ang mga kalabaw.

Makatutulong din ang pagpapakain ng *Urea-Treated Rice Straw* (UTRS) at binurong damo (*silage*) para makaiwas sa *liverfluke* na maaaring laganap sa pinagpapastulan o pinagkukunan ng damo, sabi ni Dr. Abes. Alamin lamang ang tamang pamamaraan sa paggawa nito.

Paggawa ng binurong damo

Mga pakain sa kalabaw na puwedeng buruhin:

1. Pakaing mayaman sa enerhiya tulad ng damong *Napier*, *Paragrass*, *Guinea grass*, kugon, mais, *sorghum* at mga pinag-anihan sa bukid gaya ng dayami, bagaso ng mais at tubo.
2. Pakaing mayaman sa protina tulad ng ipil-ipil, kakawate, malunggay, mani-manian, *centrosema*, *rensoni*, *styro* at mga pagkaing galing sa planta gaya ng sapol sa paggawa ng *beer*, balat ng saging o pinya.

Mga gamit sa paggawa ng burong damo

1. Lalagyan o buruhan ng damo (*drum*, *plastic bag* o hukay sa lupa).
2. Plastik na pantakip.
3. Pandagan tulad ng gulong, kahoy at iba pang mabigat na bagay.
4. Damong buburuhan na may *moisture content* o tubig na mula 65% hanggang 70% lamang.
5. Panabas at pantadtad ng damo.
6. Panghakot ng damong tinabas at tinadtad.

Pamamaraan sa paggawa ng burong damo

1. Alamin muna ang dami ng damong buburuhan ayon sa pangangailangan ng hayop kada araw at kung kailan at gaano katagal ipakakain ang buro.
2. Bumuo ng isang grupo ng tao na gagawa ng buro at pag-usapan kung kailan gagawin ang pagbuburo.
3. Ihanda ang lalagyan (*silos*), pantadtad, plastik, pabigat, at iba pa.
4. Gumapas ng damo na ang edad ay 45 hanggang 55 araw o mga puno ng mais na may edad na 75 hanggang 80 na araw. Mahalaga na ang damo at mais ay nasa tamang gulang kapag tatabasin na.
5. Tantiyahin ang *moisture content* ng damo. Kung basa ang damo, mahigit 70% ang *moisture content* nito at nararapat na ibilad muna ng 1-2 araw bago hakutin at tadtarin.
6. Tadtarin ang damo ng 1-2 sentimetro ang haba na gamit ang itak o pantadtad.
7. Ilagay ang tinadtad na damo o mais sa *silos* o buruhan.
8. Siksiking mabuti ang damo o puno ng mais sa lalagyan upang maalisan ang hangin.
9. Takpan ng plastik ang *silos* at tiyaking walang puwedeng pasukan ang hangin o tubig-ulan. Lagyan ng pabigat o dagan sa ibabaw, ang itinakip na plastik.
10. Pagkaraan ng 3 linggo, puwede nang ipakain ang buro sa hayop. Ang hayop ay dapat na may edad na 6 na buwan o higit pa.
11. Kapag binuksan ang buro, siguraduhing tuluy-tuloy ang pagpapakain hanggang sa maubos ang binurong pagkain. Laging isauli ang takip ng buro sa pagkatapos kumuha ng buro.



Burong Damo

(Ang nagsagawa ng pananaliksik sa pagbuburo ng damo ay si Dr. Daniel L. Aquino, PCC Technical Expert for Animal Nutrition)

Mga mabubuting gawain...(Mula sa p.5)

dumaraan na ito sa iba't ibang kooperatibang may mga gatasang pagsusuri.

Bukod dito, natuto rin ang mga magsasaka sa pagtatala ng *daily milk production* at sa pag-alam kung may *mastitis* ang gatas. Kaagad na ring nalalaman ng mga magsasaka kung magkano ang kikitain nila mula sa mga gatas.

Gayundin, nagbigay ang sistemang ito ng karagdagang pagkakakitaan sa mga magsasaka sa katauhan ng *delivery man* at *collection officer* na binabayaran ng kooperatiba ng P75 kada araw.

Sa kasalukuyan, 26 sa 54 na

kooperatibang may mga gatasang *buffalo* sa buong Nueva Ecija ang may aktibong *milk collection system*. Ang iba pang kooperatiba ay kasalukuyang nag-aayos at bumubuo ng kanilang *collection points*.

“Ang sistemang ito ay resulta ng *empowerment* ng Philippine Carabao Center (PCC) sa mga kabalikat na kooperatiba at mga kasaping magsasaka. Nakita nila ang pangangailangan sa isang *organized collection system* at sila na mismo ang nanguna sa pagbuo,” ani Wilma del Rosario, isang kasapi ng NIZ *program coordinating team* ng PCC.

PMET malaki ang tulong sa monitoring ng kalabaw

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Mas lalo pang pina-igting ang pagtugon sa pangangailangan at problema ng mga magsasaka sa kanilang alagang kalabaw sa tulong ng “Participatory Monitoring and Evaluation Team” (PMET) na itinatag sa ilalim ng programang “Dairy Buffalo Development” sa National Impact Zone (NIZ).

Bawa't isa sa 54 na *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija ay may kanya-kanyang PMET.

Ayon kay Gng. Estella Paoay-Valiente, *science research assistant* ng Philippine Carabao Center (PCC), ang PMET ay binubuo ng mga magsasakang kasapi sa kooperatiba. Ang mga magsasakang ito, anya, ang katuwang sa pagmo-monitor o pagsusubaybay ng bawa't alagang kalabaw ng iba pang magsasaka.

“Tatlo hanggang limang magsasaka din ang bumubuo sa PMET. Sila ay buwanang nagsusumite ng ulat tungkol sa kundisyon ng mga kalabaw sa kani-kanilang kooperatiba,” dagdag pa niya.

Apat na aspeto ng *monitoring* ang tinatalakay ng ulat na isinusumite ng mga PMET. Una, ang kalusugan ng

kalabaw; pangalawa, kalagayan ng mga ginagatasang kalabaw; pangatlo, ang kalagayan ng mga ipinanganak na bulo at ang pang-apat ay binulog o nabigyan ng *artificial insemination* (AI) na kalabaw.

Sa *monitoring*, may pinupunan ang PMET na *monitoring* at *evaluation form* para mapabilis ang pag-alam kung ang kalabaw ay may problema ba sa apat na aspetong nabanggit.

Sa aspetong pangkalusugan, malalaman agad kung ang alagang hayop ay nagkasakit, hindi pa napababakunahan, may *mastitis* o pamamaga ng suso, kulang sa bitamina, may medikasyon nang natanggap, at iba pa.

Sa aspeto naman ng kalagayan ng ginagatasang kalabaw, nalalaman agad kung anong petsa nanganak ang kalabaw, dami ng gatas nito na naibibigay araw-araw at buwan-buwan, dalas ng paggagatas ng magsasaka, at kalidad ng gatas na nakuha sa kalabaw.

Sa ikatlong aspeto naman, malalaman sa pamamagitan ng PMET ang petsa ng kapanganakan ng bulo, kasarian nito, at lahi at kung ilan na ang bilang na naianak na ng inahing kalabaw.



Mga miyembro ng Participatory Monitoring and Evaluation Team habang kumukuha ng kaalaman sa gagampanang tungkulin.

Samantala, sa ika-apat na aspeto naman, malalaman agad kung ang kalabaw ay nabulog na o naserbisyuhan ng (AI) at kung anong semilya ang ginamit rito.

Sa nasabi ring porma, naibibigay ng mga magsasaka sa programa ang basehan sa paghusga at pag-aanalisa ng mga datos na nakalap mula sa bawa't

kooperatiba.

“Bilang kapalit naman ng mga datos na nakuha mula sa mga magsasaka, ang tanggapan ng NIZ ay tinutugunan agad ang lumitaw na pangunahing pangangailangan at problema ng mga magsasaka sa kanilang kalabaw,” ani Gng. Valiente.

N. Ecija... (Mula sa p.1)

Ang mga kooperatibang ito ang siyang pinagkalooban sa pamamagitan ng mga itinakdang kasunduan at alituntunin ng mga inangkat na *dairy water buffalo*. Ang tawag sa mga *dairy cooperatives* na ito kasama ang mga pinahiram na *dairy buffalo* at mga pagsasanay at serbisyo na kaakibat nito ay *dairy module*, dugtong pa niya.

Sinabi ni Dr. Duran na nang nakaraang taon, umabot sa mahigit na 456, 259.56 litro ng gatas ang naani

mula sa mga gatasang kalabaw sa iba't-ibang kooperatiba. Sa halagang P40 isang litro, ang halaga nito ay umabot sa mahigit na P18 milyon.

Sa kabilang dako, sinabi naman ni Dr. Edwin Atabay, *center director* ng PCC at CLSU, na patuloy na pinararami ang *crossbred* sa Nueva Ecija. Ito'y sa pamamagitan ng *artificial insemination* (AI) at *bull loan program*.

“Ang target natin ngayong taong ito ay makapag-AI ng 13, 300 na kalabaw,” sabi ni Dr. Atabay.

Idinugtong niya na malaki na rin

ang kontribusyon ng naaning gatas mula sa gatasang *crossbred*. May isa na ring kooperatiba ng mga magsasakang may-ari ng *crossbred* na kalabaw at ito'y sa Aliaga, Nueva Ecija.

Tinitiyak ng mga kinauukulan na higit pang darami ang mga gatasang kalabaw sa Nueva Ecija lalo pa nga't ang pinag-iigi ngayon ay *dairy herd improvement* o pagpapunlad pa ng kawan ng gatasang kalabaw sa Nueva Ecija.

“Patuloy ang pagsisikap nating mapaunlad ang industriya ng

paggagatasan ng kalabaw sa Nueva Ecija,” ani Dr. Duran. Hindi malayong matamo natin ang pangarap ngayon ng marami na tanghalin ding ‘Carabao Dairy Capital of the Philippines’ ang Nueva Ecija.

Tiniyak naman ni Dr. Libertado C. Cruz, *executive director* ng PCC, na hindi magsasawa ang ahensiya na maipagkaloob ang mga kinakailangang serbisyo para matamo ang ninanais na kapakinabangan ng mga magsasaka na may-ari ng gatasang kalabaw.

Dairy Herd... (mula sa p.1)

pagtatala ng mga datos ukol sa inaalagaang kalabaw, pagpapalahi at pagpaparami, kalusugan at nutrisyon ng mga ito.

Isinusulong din ang pagkakaroon ng *database* ng mga hayop nang sa gayon ay maging maayos ang talaan ng pagpapalahi at pagpaparami, malaman ang kakayahan at kagalingan ng kalabaw base sa kanyang produksyon at magkaroon ng organisadong talaan ng mga miyembro at kooperatiba.

Ninonais din ng programa na patuloy na mapaunlad at maging kapaki-pakinabang ang kabuhayang-salig-sa-kalabaw sa pamamagitan ng pagpapunlad ng kooperatiba. Kabilang sa mga kakayahang patuloy na pinalalakas

ay ang paghahasa ng kaalaman sa pamumuno, pagkakaroon ng maayos na sistema sa pagkulekta ng gatas, serbisyo sa mga miyembro at pagpapataas ng kita ng mga miyembro at ng kani-kanilang mga kooperatiba.

Kaalinsabay ng pagpapunlad ng kooperatiba ay ang pagtutok sa pinasisiglang bentahan ng mga produktong mula sa gatas ng kalabaw sa pamamagitan ng pagpapanatili ng magandang presyo ng gatas, pagpoproseso nito, at paghanap ng mga lugar na maaaring pagbentahan.

Ayon kay Dr. Peregrino G. Duran, *team leader* ng DHIP, patuloy na pinalalakas ang programang ito para sa mga magsasaka ng NIZ.

“Sa pamamagitan ng matatag na programa sa pagpapalahi at pagpaparami ng kalabaw sa lalawigan,

magkakaroon tayo ng malinaw na tahakin tungo sa pag-abot ng ating layunin na maging ‘Dairy Capital of the Philippines’ ang Nueva Ecija,” ani Dr. Duran.

Kanya pang idinagdag: “Sa pamamagitan ng paggamit ng tama at subok na pamamaraan at teknolohiya, mas magiging madali para sa kanila na magkaroon ng maayos na sistema sa pangangalaga ng kalabaw.”

Kabilang sa mga gawaing tututukan, anya pa, ay ang pagkakaroon ng suporta na mula sa mga lokal na pamahalaan ukol sa pagsasanay ng mga *extensionist*. Malaki ang maitutulong nila at makapaggagabay sa mga *champion farmers* sa kanilang mga gawain at mga pangangailangan ukol sa pagmintina ng kalusugan ng mga alagang kalabaw.

Ang *village-based artificial insemination technicians* (VBAITs) naman na nasasakupan ng NIZ at pinamumunuan ng PCC at CLSU ay patuloy ding sasanayin upang maging *extensionist* sa kanilang mga naseserbisyuhan, ayon pa kay Dr. Duran.

Ang kooperatiba ay siyang magiging daan upang matugunan ang mga pangangailangan ng miyembro pagdating sa pagkain, gamot at mga kailangang gamit sa pag-aalaga ng kalabaw, sabi pa niya.

Ang PCC ay patuloy na aayuda at magsasanay ng mga tao na magsisilbing *extensionist, facilitator, coordinator, adviser, supervisor* at *trainer* para sa mga magsasaka, pagbibigay diin ni Dr. Duran.

Isang natatanging kooperatiba sa San Jose

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Mula sa 25 na alagang kalabaw, na tumaas ang bilang sa 162, nakapagtala ng aning gatas na 166,205.37 kilo (litro) at nakalikom ng kabuuang kita na P6,315,804.06, ito ang larawan ng tagumpay ng Eastern Primary Multipurpose Cooperative (EPMPC).

Isa ang EPMPC sa 54 na *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija. Ito ay nakabase sa Barangay Sibut, San Jose City.

Inaprubahan ng Cooperative Development Authority (COA) noong September 29, 1992, ang EPMPC ay kumikilos sa anim na barangay ng San Jose.

Sa kasalukuyan, ang EPMPC ay may 42 miyembro na aktibong sumusuporta sa *dairy project* nito. Karamihan sa kanila ay 12 taon nang kasapi at sumusuporta sa adhikain ng kooperatiba.

Sa pangunguna ng *chairman* ng kooperatiba na si Melchor Correa, ang mga miyembro ay nakalahok na sa iba't-ibang pagsasanay ng PCC para mas mapaingting ang kakayahan at kasanayan sa *dairy production at management*.

Ang EPMPC ay isa sa pinakamatagal nang kooperatiba sa lungsod ng San Jose. Ito ay naging tanyag na rin dahilan sa matagumpay nitong programa sa pagpapautang ng puhunan para sa palay at sibuyas sa 60 miyembro mula 1992 hanggang 1999.

Ngunit dumanas ito ng pagsubok na nagpahina sa kanilang operasyon. Isa sa mga pangunahing dahilan ay hindi pagkakasingil sa mga napahiram na puhunan na naging sanhi para maputol ang kanilang *credit line* sa isang bangko.

Bunga nito, itinuon ng EPMPC ang atensiyon sa iba pang mapagkakakitaang proyekto at tuluyan nang iniwan ang programang pagpapahiram ng puhunan sa magsasaka.

Taong 1999 nang napagkalooban ng 25 gatasang kalabaw o 25 *dairy buffalo incubator module* ng PCC ang EPMPC.

Ang kooperatiba ay nagpatuloy sa *dairying* at sinuportahan naman ng National Dairy Authority (NDA) at ng pamahalaang lokal ng San Jose City sa pamamagitan ng "Milk Feeding Program" na nagsusupply ng sariwang gatas para sa mga *malnourished* na bata sa lunsod noong 2004 hanggang 2006 na nakapagdulot ng matatag na pinagkakitaan ng kooperatiba. Mula sa kita sa programang "milk feeding" tumatag ang kalagayang pinansiyal ng EPMPC.

Mula noon hanggang ngayon, kabalikat pa rin ang EPMPC sa pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa sariwang gatas at iba pang mga produkto mula dito. Ito'y lumalahok sa iba't-ibang *product exhibits* na nagpatanyag ng kanilang produkto mula sa gatas ng kalabaw.



Si Chairman Melchor Correa (sa gitna, nakaupo) kasama ang mga opisyal ng Eastern Primary Multipurpose Cooperative Inc.

"Isang katangi-tanging kooperatiba ang Eastern sapagka't mayroon itong sariling *milk collection center* at *micro processing plant* sa Barangay Sibut ng San Jose. Ito'y nakapagtayo ng sariling planta para sa pagpoproseso ng gatas mula sa tulong ni Engr. Eleuterio Violago na noo'y kinatawan ng 2nd District ng Nueva Ecija," ani Gng. Wilma del Rosario ng National Impact Zone Program Coordinating Team.

Ayon pa kay del Rosario, araw-

araw na nagpoproseso ang kooperatiba ng aning gatas para sa kanilang *milk production* tulad ng *candies*, keso, at iba't-ibang *flavored* na inuming gatas gaya ng *choco milk* at *fruit flavored milk*. Ang mga ito ay ibinebenta sa bayan ng San Jose.

Itinuturing ngayon ang EPMPC bilang isang "debt-free organization". Dahil sa sigasig na taglay ng bawat opisyal at miyembro ng kooperatiba, angkin nito ang kakayahan sa pagtayo sa sariling mga paa at pagtamo ng tagumpay.

Leoncio Callo: Isang ulirang magsasakang manggagatas

Ni Marilou A. Santos

"Ang pagkakaroon ng gatasang kalabaw ang pangunahin kong ikinabubuhay," ani Leoncio Callo.

Siya'y tinanghal na "Katangi-tanging Magsasakang Manggagatas" sa kategoriyang *semi-commercial dairy herd* (nag-aalaga ng 11



Si G. Callo habang hawak ang kanyang plake ng karangalan.

pataas na gatasang kalabaw).

Si Ka Leoncio ay kasapi ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative sa Science City of Munoz.

May asawa at apat na anak, dati'y pagsasaka lamang ang kanyang ikinabubuhay. Nang nabatid niya na may karagdagang kita sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw ng Philippine Carabao Center hindi sya nag-atubiling lumahok sa programa.

Sa kanyang pagsisikap, naparami ni Ka Leoncio ang mga ipinahiram na kalabaw. Masugid niyang ipinamalas ang angking sipag, dedikasyon at pagpapahalaga sa mga kinailangang gawain. Sa kasalukuyan, mayroon siyang 12 inahin, walo rito ay ginagatasan, walong bulo, limang dumalaga, at isang native na kalabaw.

Nang siya'y maoperahan dahil sa sakit, naging sandigan sa kanyang pangangailangan ang kanyang mga kalabaw.

Iminungkahi ng kanyang kabiyak na bawasan ang kanyang mga kalabaw dahil hindi niya magagampanan ang kinakailangang pag-aalaga. Siya'y pumayag nguni't hindi niya ibinenta bagkus ay ipinaalaga lamang niya sa kanyang kapatid upang paramihin at makatulong sa kanyang pamilya.

Hayag ang mahusay na pag-aalaga ni Ka Leoncio sa kanyang mga gatasang kalabaw. Higit sa lahat, hindi siya maramot na ibahagi sa pagtulong at pagbahagi ng kanyang kaalaman sa epektibong pamamaraan ng pag-aalaga. Siniisiguro niya na maayos at akma ang kulungan, ipitan, pagkukunan ng malinis na tubig, sapat na pagkain, bakuna at bitamina para sa kanyang mga alagang kalabaw.

Siya'y naglagay din ng konkretong lubluban sa tabi ng kulungan at kumpleto siya sa rekord ng gastos at kita mula sa inaning gatas, ibinentang kalabaw, mga bakuna, bitamina, gamutan, pagpapalahi, at panganganak. Ginawa niya itong batayan upang mas lalong mapaghusay ang pangangalaga sa kanyang mga kalabaw.

Dahil na rin sa dami ng kanyang alaga, siya ay kumuha ng dalawang katuwang na suwelduhan.

Noong nakaraang taon, siya ay umani ng gatas na nagkakahalaga ng P339,437 at nakapagbenta ng bulong lalaki at matandang inahin sa halagang P92,000. Ang kanyang naging gastos buwan-buwan ay humigit kumulang sa P23,200. Hindi kasama sa datos na ito ang halaga ng patabang natitipid niya sa kanyang bukirin at naibebentang *organic fertilizer* mula sa mga dumi ng kanyang alagang kalabaw.

Nakatulong ang mga gatasang kalabaw sa pagpapaaral at pagpapatapos sa kolehiyo at mapagsanay ang kanyang isang anak sa *artificial insemination* na higit na nakatulong sa kanya. Nakapagpundar siya ng mga gamit sa bahay, nakumpuni at napaganda rin ang kanyang bahay, nakabili rin ng lupa, *motorcycle, jeep* na may *trailer*, para magamit sa paghahakot ng dayami at mga damo, at iba pa.

Si Ka Leoncio— siya'y isang tunay na huwarang magsasakang manggagatas sa Nueva Ecija.